## Ang Larong Naipanalo Ko

*Takbo rito, takbo roon. Laro rito, laro roon.*

Ganito ang aking buhay. Masaya, malaya, at walang halong pangamba.

Kapag may pasok sa eskwelahan, araw-araw inihahanda ng aking mga magulang ang lahat ng aking pangangailangan. Kaya naman wala na akong kinakailangan pang gawin kung hindi mag-aral ng mabuti at magpakasaya. Sa katunayan, tuwing matatapos ang klase ko, nakikipag-buno ako sa aking kapatid at mga kaibigan sa isang Pilipinong laro: ang tumbang preso.

Naaalala ko pa noong huli akong nakapaglaro ng tumbang preso. Napalilibutan kami ng iba naming kaklaseng nanonood sa amin; hindi sila mapakali sa kung ano ang mangyayari. Ako na lang ang huling titira upang mapatumba ang lata. Bawat isa ay kinakabahan habang nanlilimahid sa pawis. *Tatlo, dalawa, isa, bato! Sapul!* Nasapul ko ang lata at lahat ay nagtakbuhan at nakauwi sa *base*. Ang saya. Ang sarap makapagligtas ng kakampi. Napapawi ng aming panalo ang lahat ng pagod sa paglalaro. Sana ganito na lang palagi.

Ito yung mga pagkakataon na nasasabi kong ako ay mapalad. Mapalad sapagkat nararanasan ko ang sarap ng buhay. Mapalad sapagkat may mga magulang at kaibigan akong nagsasakripisyo para ako ay mamuhay ng maayos at masaya. Kaya naman ako ay nagsusumikap sa bawat araw na masuklian ang ginagawa ng aking mga magulang. Buong-puso kong sinusubukan na maging isang mabuting anak, kapatid, at kaibigan. Sa kabuuan, masasabi kong ang buhay ko ay puno, masaya, at malaya.

Ngunit, isang araw, biglang bumaliktad ang mundo. Nagbago ang lahat: Ang kapunuan ay napalitan ng kakulangan. Ang kasiyahan ay napalitan ng agam-agam. Ang

kalayaan ay napalitan ng pag-aalala. Ang pag-asa ay unti-unting napalitan ng pag-aalinlangan. Tulad ng tumbang preso, hindi araw-araw ikaw ang bida. Minsan, ikaw ang taya.

May pandemya; may COVID-19.

Tulad ng nakararami, hindi madali ang aking naging karanasan sa panahon ng pandemya. Malaki ang binago ng pandemya sa aking buhay: Kung dati ay tuloy-tuloy ang pasok ng pera sa aming negosyo, ngayon ay hindi na. Kung dati ay nabibili namin ang lahat ng aming naisin kahit hindi namin kailangan, ngayon ay hindi na. Kung dati ay nakakapaglaro pa ako sa labas, ngayon hindi na. Kung dati ay nakakasalamuha ko ng personal ang aking mga guro at kamag-aral, ngayon hindi na.

Nakakapanlumo. Nakakapagod umayon sa mga dating nakagawian. Kung dati ay *face-to-face* na klase, ngayon ay *online classes*. Kung noon ay pisikal na pakikipag-usap, ngayon ay *online chat*. Kung dati ay walang *face masks*, ngayon kailangan ito kahit saan ka pumaroon. Kung noon ay diretso lang ang pasok sa mga *establishment*, ngayon kailangan na ng *temperature check* at ng *vaccination card*.

Nakakapagod. Nakakapagod isipin kung kailan ba matatapos ang lahat. Nakakapagod hilingin na sana lahat ng ito ay isang panaginip lamang. Nakakapagod isipin ang mga bagay na wala namang katiyakan.

*Paano na ako? Paano na tayo? Ito nga ba ay senyales na malapit na magunaw ang mundo?*

Hindi ko alam…

Dahil sa mga karanasan kong ito, naalala ko tuloy ang nangyari pagkatapos akong nadulas sa paglalaro ng tumbang preso. Matindi man ang sakit na parang

nakatali ako, hindi ako nanatiling nakahiga lamang. Laging sumisiksik sa aking isip ang kaisipang *“Nadulas man ako, hindi ito nagtatapos dito.”* Tinignan ko ang relo na tuloy-tuloy lamang sa pagtakbo ng oras at tama nga, halos 15 na segundo na lang ang hinihintay. Kaya, tila nakatali man ako, sinubukan kong tumayong muli at gamit ang buo kong lakas, naibato ko ang tsinelas. Natumba nga ang preso at dahil sa bilis ng oras, hindi na ito magawang ayusin ng kaibigan ko.

Tama nga. Totoo nga na sa kabila ng ating nararanasan ngayon, hindi pa huli ang lahat. Sa gitna ng kalungkutan at kahirapan, maaari pa rin nating baguhin ang ating kinabukasan.

Imbes na tuluyang ilugmok ang aking sarili, sinubukan kong gumising sa bangungot na ito. Nagsimula akong tumulong sa mga nangangailangan sa pamamagitan ng paglikom at pagmimigay ng mga bagay na kanilang kinakailangan. Natuto akong magpaabot ng aking pagdamay sa mga namatayan. Natuto akong ialay ang aking sarili sa pagboboluntaryo sa mga aktibidad na may kinalaman sa pagtulong sa mahirap. Nahilig akong makilahok sa mga aktibidad ng aming simbahan at paaralan na makatutulong sa mga apektado. Higit sa lahat, nagsimula akong maging isang tunay na Pilipino.

Sa ngayon ay unti-unti nang nakakabangon ang negosyo ng aming pamilya. Ibinibigay ko ang lahat ng aking makakaya upang maunawaan at sumabay sa agos ng pagbabago sa aking paligid.

Kaya naman, inaasahan ko na sa mga susunod na araw, buwan, o taon, ang mga Pilipino ay lalong mag-aalab ang pagmamahal sa kanilang bayan at sa kapwa nila Pilipino. Ako rin ay umaasa na mas magiging maagap pa ang gobyerno sa kanilang

tungkulin at mas mapakikinggan ang boses ng bawat mamamayan. Ako ay umaasa na magtatagpo ang gobyerno at mga Pilipino sa layuning mapabuti pa ang bayan.

Nangangarap ako na sa pagpasok natin sa *new normal* ay may baon tayong pag-asa na sa sama-samang pagtutulungan ay makakamit natin ang liwanag.

Hindi man madali ang ating pinagdadaanan, dito ko naman napatunayan ang tunay na kahulugan ng pamilya, na ang sakripisyo ng mga magulang ay walang katumbas. Dito ko rin naman napatunayan na buhay ang bayanihan at bilang indibidwal, may malaki akong magagawa para sa bayan. At sa huli, napatunayan ko rin na ang Pilipino ay laging handang tumulong sa kapwa. Mapalad akong maging isang Pilipino, at ipinagmamalaki ko ito.

Tunay nga na may saysay ang ating buhay lalo na kung ito ay ginugugol para sa iba. Ngunit sabi nga nila, hindi mo maibibigay ang mga bagay na wala ka. Kaya mahalaga rin na ating alagaan at pagyamanin ang ating mga sarili.

Tulad sa aking karanasan sa paglalaro ng tumbang preso na nagbigay ng oportunidad upang ako ay matuto na tumayo tuwing ako ay natutumba, sa kabila ng pighati at problema, naintindihan ko na meron pa ring puwang para sa kabutihan.

Sa kabuuan, dahil sa pandemyang ito, namulat ako kung sino ako, kung ano ang aking kakayahan, kung ano ang magagawa ko bilang isang kabataan, kung ano ang maiaambag ko sa bayan. Kaya naman natumba man ako, sisikapin kong tumayong muli.